

# Sakit na Dulot ng Coronavirus 2019 (COVID-19): Pangkalahatang-ideya

Ang sakit na dulot Coronavirus 2019 (COVID-19) ay isang sakit sa palahingahan. Sanhi ito ng isang bagong (novel) coronavirus. Maraming uri ng coronavirus. Napakakaraniwang sanhi ng sipon at bronkitis ang mga coronavirus. Maaari silang maging sanhi kung minsan ng impeksyon sa baga (pulmonya). Ang mga sintomas ay maaaring mula sa banayad hanggang sa malubha. Ang ilang tao ay walang sintomas. Matatagpuan din ang mga virus na ito sa ilang hayop.

Nag-ulat ang lahat ng 50 estado sa U.S. ng mga kaso ng COVID-19. Nag-ulat ang karamihan ng lugar ng “pagkalat sa komunidad” ng COVID-19. Nangangahulugan ito na ang pinagmulan ng sakit ay hindi alam. Ang COVID-19 ay isang mabilis na kumakalat na nakahahawang sakit. Nangangahulugan ito na ang mga siyentipiko ay aktibong nagsasaliksik tungkol dito. May mga regular na pag-update ng impormasyon.

Nagtatrabaho ang mga opisyal ng pampublikong kalusugan upang mahanap ang pinagmulan. Hindi pa lubos na nauunawaan kung paano kumakalat ang virus, ngunit tila halos madaling kumalat at makahawa ito sa mga tao. Ang ilang taong nahawahan sa isang lugar ay maaaring hindi sigurado kung paano o kung saan sila nahawa. Maaaring kumalat ang virus sa mga patak ng likido na iniuubo o ibinabahin ng isang tao sa hangin. Maaari itong kumalat kung humawak ka sa ibabaw ng isang bagay na may virus, tulad ng hawakan o bagay, at pagkatapos ay humawak sa iyong mga mata, ilong, o bibig.



Para sa pinakabagong impormasyon, bisitahin ang CDC website sa [www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov](http://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov). O tumawag sa 800-CDC-INFO (800-232-4636).

## Ano-ano ang mga sintomas ng COVID-19?

Ang ilang tao ay walang sintomas o may banayad na mga sintomas. Maaari ding mag-iba-iba ang mga sintomas sa bawat tao. Habang nalalaman pa ng mga eksperto ang tungkol sa COVID-19, iniuulat ang iba pang mga sintomas. Maaaring lumitaw ang mga sintomas 2 hanggang 14 na araw matapos ang kontak sa virus:

- Lagnat o panginginig
- Pag-ubo
- Hirap sa paghinga o pakiramdam na nangangapos ang hininga
- Pamamaga ng lalamunan
- Baradong ilong o tumutulong sipon
- Pananakit ng ulo at mga pananakit ng kalamnan
- Pagkahapo
- Pagkahilo, pagduduwal, pagtatae, o sakit ng tiyan
- Bagong pagkawala ng pang-amoy o panlasa

Maaari mong masuri ang iyong mga sintomas gamit ang [Coronavirus Self-Checker](#) ng CDC.

## Ano-ano ang mga posibleng komplikasyon mula sa COVID-19?

Sa maraming kaso, ang virus na ito ay maaaring magdulot ng impeksyon (pulmonya) sa parehong baga. Sa ilang kaso, nagdudulot ito ng kamatayan. Ang ilang tao ay nasa mas mataas na peligro na magkaroon ng komplikasyon. Kabilang dito ang mas nakatatanda at mga taong may mga malubhang hindi gumaling-galing na kondisyon ng kalusugan gaya ng sakit sa puso o sakit sa baga, diabetes, o sakit sa bato. Kabilang dito ang mga taong may mga kondisyon ng kalusugan na pumipigil sa sistema ng imyunidad. At kabilang dito ang mga taong umiinom ng mga gamot na pumipigil sa sistema ng imyunidad.

Habang nalalaman pa ng mga eksperto ang tungkol sa COVID-19, iniuulat ang iba pang mga komplikasyon na maaaring iugnay sa COVID-19. Madalang na ang ilang bata ay magkaroon ng matitinding komplikasyon na tinatawag na multisystem inflammatory syndrome in children (MIS-C). Mukhang nakakatulad ang MIS-C sa sakit na Kawasaki, isang bihirang kondisyon na nagdudulot ng pamamaga sa mga daluyan ng dugo at mga organ ng katawan. Hindi pa alam kung nangyayari lang ang MIS-C sa mga bata, o kung nanganganib din ang mga adulto. Hindi rin alam kung nauugnay ito sa COVID-19, dahil maraming bata, ngunit hindi lahat, ang nagpositibo sa pagsusuri sa virus. Patuloy na pinag-aaralan ng mga eksperto ang MIS-C. Ipinapayo ng CDC sa mga tagapangalaga ng kalusugan na iulat sa mga lokal na departamento ng kalusugan ang sinumang taong wala pang 21 taong gulang na may sakit na maging nasa ospital at mayroon ng lahat ng sumusunod:

- Lagnat na mataas sa 100.4°F (38.0°C) nang mahigit sa 24 na oras at positibo sa pagsusuring SARS-CoV-2 o pagkalantad sa virus sa nakalipas na 4 na linggo

- Pamamaga sa hindi bababa sa 2 organ tulad ng puso, mga baga, o mga bato na may mga pagsusuri ng laboratoryo na nagpapakita ng pamamaga
- Walang ibang pag-diagnose bukod sa COVID-19 na nagpapaliwanag ng mga sintomas ng bata

## Paano nada-diagnose ang COVID-19?

Tatanungin ka ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa iyong mga sintomas. Tatanungin ka niya kung saan ka nakatira, at tungkol sa iyong paglalakbay kamakailan, at anumang pakikipag-ugnay sa mga taong may sakit. Kung sa palagay ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan ay maaring mayroon kang COVID-19, isasaalang-alang niya kung susuriin ka para sa COVID-19. Depende ito sa pagkakaroon ng pagsusuri sa inyong lugar, at kung gaano katindi ang sakit mo. Sundin ang lahat ng tagubilin mula sa iyong tagapangalaga ng kalusugan. Maaaring magbago ang mga patnubay sa pagsusuri habang nagkakaroon ng mas maraming impormasyon tungkol sa virus. Ginagamit ang mga dayagnostikong pagsusuri para humanap ng kasalukuyang ng impeksyon ng COVID-19. Kabilang sa mga ito ang:

- **Pagsusuri sa virus (molekula).** Maaaring naririnig mo rin itong tinatawag na RT-PCR test. Napakatumpak ang mga pagsusuri sa virus. Ang isang pagsusuri sa virus ay naghahanap ng henetikong materyal ng virus na SARS-CoV-2. May ilang paraan sa paggawa nito. Maaaring ipahid ang isang pamahid para sa ilong-lalamunan sa loob ng iyong ilong hanggang sa pinakalikod ng iyong lalamunan. Ang ibang pagsusuri ay alinman sa ginagawa sa pamamagitan ng pagpahid sa ilong o lalamunan. O maaaring kuhanin ang sampol ng iyong laway. Nag-iiba-iba ang pagiging available ng mga pagsusuri depende sa lokasyon. Maaaring gawin sa bahay ang ilang test kit, ngunit dapat ipadala sa isang laboratoryo para suriin. Depende sa pagsusuri, bumaballik ang ilang resulta sa loob ng mga 30 minuto. Dapat ipadala sa isang laboratoryo ang ilang pagsusuri, at maaaring tumagal ng ilang araw bago makuha ang mga resulta. Available na ngayon ang mga kit ng pansuri sa bahay pero nagkakaiba sa bawat lokasyon, ang ilan ay nangangailangan ng reseta. Kung gumagamit ka ng home kit, sunding mabuti ang mga tagubilin na nasa kit. Ang ilang kit ay kaagad na nakapagbibigay ng mga resulta sa bahay. Ang iba ay dapat ipadala sa laboratoryo para sa mga resulta.
- **Pagsusuri sa antigen.** Maaari itong makahanap ng mga protina mula sa virus na SARS-CoV-2. Ginagawa ito sa pamamagitan ng pagpahid sa ilong o sa ilong-lalamunan. Depende sa pagsusuri, bumaballik ang ilang resulta sa loob ng isang oras. Nakapatumpak ng mga positibong resulta, pero puwede ring mangyari ang maling positibo, lalo na sa mga lugar kung saan kakaunti lang ang may virus. Mas malamang na magmintis sa impeksyon ng COVID-19 ang mga pagsusuri sa antigen kaysa sa pagsusuri sa virus (molekula). Kung negatibo ang iyong pagsusuri sa antigen pero may mga sintomas ka ng COVID-19, maaaring mag-utos ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ng pagsusuri sa virus.

Kung sa palagay o nakumpirma ng iyong tagapangalaga ng kalusugan na may COVID-19 ka, maaaring magkaroon ka ng iba pang mga pagsusuri. Maaaring kabilang sa mga pagsusuring ito ang:

- **Pagsusuri ng dugong antibody.** Tinitingnan ang mga pagsusuri ng antibody upang malaman kung ang isang tao ay dati nang nahawa sa virus at maaaring mayroon na ngayong mga antibody tulad ng SARS AB IgG sa kanilang dugo upang magbigay ng ilang imyunidad. Nag-iiba-iba ang katumpakan at pagiging nagagamit ng mga pagsusuri ng antibody. Maaaring hindi makapagpakita ang isang pagsusuri ng antibody kung mayroon kang kasalukuyang impeksyon dahil maaaring magtagal nang ilang linggo matapos ang impeksyon para gumawa ng mga antibody. Hindi pa alam kung gaano nagtatagal ang kaligtasan sa sakit matapos mahawa sa virus.
- **Pagkultura ng dura (Sputum culture).** Ang isang maliit na sample ng plema na naiubo mula sa iyong mga baga (dura) ay maaaring kuhanin kung ikaw ay mayroon kang mamasa-masang ubo. Maaari itong suriin para sa virus o upang tingnan kung may pulmonya.
- **Mga imaging test.** Maaari kang magkaroon ng X-ray ng dibdib o CT scan.

## **Tandaan ang tungkol sa muling pagkakaimpeksyon at ang iyong imyunidad**

Sa panahong ito, hindi malinaw kung maaaring muling maimpeksyon ang mga tao ng COVID-19. Napapansin ng CDC na kung ganap nang gumaling ang isang tao mula sa COVID-19 at muling sinuri sa loob ng 3 buwan mula sa unang impeksyon, maaaring magpatuloy siyang magkaroon ng mababang antas ng virus sa kanyang katawan at masuring positibo para sa COVID-19, kahit na hindi sila nakapanghahawa ng COVID-19. Hindi nangangahulugan ang pagkakaroon ng positibong pagsusuri sa COVID-19 matapos ang isang impeksyon na hindi ka muling maimpeksyon. Hindi pa alam kung gaano nagtatagal ang kaligtasan sa sakit matapos mahawa sa virus.

## **Paano ginagamot ang COVID-19?**

Inaprubahan ng FDA ang mga bakuna upang makaiwas sa COVID-19 ang mga taong mas matanda sa 18 taong gulang (isa nang bakuna ang inaprubahan para sa mga taong kasing bata ng edad na 16). Maaaring piliin ng mga buntis o nagpapasuso na mabakunahan. Ipinapayo ng mga dalubhasang grupo, kabilang ang ACOG at ang CDC, na makipag-usap ang mga buntis o nagpapasuso sa kanilang tagapangalaga ng kalusugan tungkol sa bakuna.

Inilalabas nang yugto-yugto ang mga bakuna sa publiko. Alamin sa inyong lokal na kagawaran ng kalusugan ang mga plano sa paglalabas para sa inyong lokal na komunidad. Ibinibigay ang bakuna bilang isang turok (iniksyon) sa kalamnan ng braso. Maaaring ibigay ang 1 dosis o 2 dosis na bakuna. Kung makakuha ka ng 2 dosis na bakuna, ibinibigay ang ikalawang dosis ilang linggo pagkatapos ng una.

Ang mga pinakanapatunayang paggamot sa ngayon ay yaong upang matulungan ang iyong katawan habang nilalabanan nito ang virus. Kilala ito bilang suportang pangangalaga. Para sa malubhang COVID-19, maaaring kailanganin mong manatili sa ospital. Maaaring kabilang sa suportang pangangalaga ang:

- **Pagpapahinga.** Tumutulong ito sa iyong katawan na labanan ang sakit.

- **Pananatiling sapat ang tubig (hydrated).** Ang pag-inom ng mga likido ay ang pinakamabuting paraan sa pagpigil ng pagkawala ng sapat na tubig. Subukang uminom ng 6 hanggang 8 baso ng likido araw-araw, o ayon sa ipinapayo ng iyong tagapangalaga ng kalusugan. Magtanong din sa iyong tagapangalaga hinggil sa kung anong mga likido ang pinakamahusay para sa iyo. Huwag uminom ng mga likido na nagtataglay ng caffeine o alkohol.
- **Pag-inom ng gamot sa pananakit na nabibili nang over-the-counter (OTC).** Ginagamit ang mga ito para makatulong na maibsan ang kirot at mapababa ang lagnat. Sundin ang mga tagubilin ng iyong tagapangalaga ng kalusugan para sa kung anong gamot na OTC ang gagamitin.

Para sa malubhang sakit, maaaring kailanganin mong manatili sa ospital. Maaaring kabilang sa pangangalaga sa panahon ng malubhang sakit ang:

- **IV (intravenous) na mga likido.** Ibinibigay ang mga ito sa pamamagitan ng isang ugat upang matulungan ang iyong katawan na manatiling sapat ang tubig (hydrated).
- **Oxygen.** Maaari kang bigyan ng pandagdag na oxygen o bentilasyon gamit ang makina sa paghinga (ventilator). Ginagawa ito upang makakuha ka ng sapat na oxygen sa iyong katawan.
- **Posisyon na nakadapa sa kama.** Depende kung gaano katindi ang sakit mo sa iyong pananatili sa ospital, maaaring regular na ipihit ng iyong pangkat ng tagapangalaga ng kalusugan ang iyong pagkakahiga na ang tiyan ang nakadikit sa kama. Tinatawag itong posisyon na padapa. Nakatutulong ito na dumami ang oxygen na naipapasok mo sa iyong mga baga. Sundin ang mga tagubilin ng iyong pangkat ng tagapangalaga ng kalusugan sa mga pagbabago ng posisyon habang nasa ospital ka. Sundin rin ang kanilang payo sa paglabas tungkol sa pinakamahusay na mga posisyon upang makatulong sa iyong paghinga kapag nakauwi ka na sa bahay.
- **Remdesivir.** Inaprubahan ng FDA ang isang IV (intravenous) na gamot laban sa virus na tinatawag na remdesivir. Gumagana ito sa pamamagitan ng pagpigil sa pagkalat ng virus na SARS-CoV-2 sa katawan. Aprubado ito para sa mga taong nasa ospital. Para ito sa mga taong 12 taong gulang at mas matanda na may timbang na mahigit halos sa 88 pounds (40 kg). Inaprubahan lang ang remdesivir para sa mga taong kailangang lunasan sa ospital. Sa ilang kaso, maaari din itong gamitin para sa mga taong mas bata sa 12 taon o may timbang na mababa sa halos 88 pounds (40 kg).

Nagpapatuloy ang mga pagsasaliksik sa iba pang terapiya na pang-eksperimento pa rin. Kabilang sa mga ito ang:

- **COVID-19 convalescent plasma.** Maaaring hingin ng pangkat ng tagapangalaga ng kalusugan sa mga taong nagkaroon ng COVID-19 at lubusan nang gumaling na isaalang-alang ang pagbibigay ng plasma. Tinatawag itong donasyon na COVID-19 convalescent plasma. Maaaring maglaman ng mga antibody ang plasma na mula sa mga taong lubusang gumaling mula sa COVID-19 na makatutukong upang malabanan ang COVID-19 sa mga taong kasalukuyang malubha ang sakit. Hindi alam ng mga eksperto kung gagana nang maayos ang mga donasyong plasma bilang paggamot. Nagpapatuloy ang mga pananaliksik at inaprubahan ito ng FDA para sa mga pang-emergency na paggamit

sa ilang tao na may malubha o nagbabanta sa buhay na COVID-19. Kausapin ang iyong tagapangalaga ng kalusugan upang alamin pa ang tungkol sa donasyon ng convalescent plasma at kung kuwalipikado kang magdonasyon.

- **Monoclonal antibody therapy.** Inaprubahan kamakailan ng FDA ang pang-eksperimentong terapiyang ito (terapiyang monoclonal antibody) para magamit sa emergency para sa ilang partikular na tao na may positibong pagsusuri sa virus na COVID-19 at may banayad hanggang katamtamang mga sintomas pero wala sa ospital. Hindi ito malawakang available at iniimbestigahan pa rin. Aprubado ito sa mga taong 12 taong gulang at mas matanda na may timbang na humigit-kumulang sa 88 pounds (40 kg) at mataas ang panganib sa malubhang COVID-19 at namamamalagi sa ospital. Kabilang dito ang mga taong 65 taong gulang at mas matanda at mga taong may partikular na mga hindi gumagaling na kondisyon. Ang monoclonal antibody therapy ay **hindi** aprubado para sa mga taong:
  - Nasa ospital na may COVID-19, **o**
  - Nangangailangan ng oxygen therapy para sa COVID-19, **o**
  - Nangangailangan ng oxygen therapy para sa hindi gumagaling na kondisyon at kailangang dagdagan ang flow rate ng kanilang oxygen dahil sa COVID-19.

## **Ikaw ba ay nasa peligro ng COVID-19?**

Nasa peligro ka ng COVID-19 kung nagkaroon ka ng malapitang kontak sa isang taong may virus, o kung nakatira ka o nagbiyahe sa isang lugar na may mga kaso nito. Nangangahulugan ang malapitang kontak na pagiging nasa loob ng 6 na talampakan ng isang taong alam na may COVID-19 sa kabuuang 15 minuto o higit pa. Maaari itong maraming maiikling ugnayan na bubuo sa hindi bababa sa 15 sa loob ng 24 na oras na panahon. Iminumungkahi ng mga kamakailang pag-aaral na maaaring maikalat ang COVID-19 ng mga taong hindi nagpapakita ng mga sintomas.

*Petsa nang huling binago: 3/8/2021*